

1

“Travis Garcia, laya ka na!”

Napangisi si Travis bago pa man umangat ang kanyang mukha. Talaga naman, hindi siya binibigo ng pinakamamahal niyang ama.

“Looks like it's goodbye for us, daddy's boy,” anang isang tinig ng lalaking kanina pa niya gustong muling umbagin.

“Kiss my ass, scumbag,” aniya bago tumayo mula sa nag-iinit nang sementong kanyang kinauupuan at lumapit sa warden na naghihintay sa kanya sa labas ng rehas na pinto.

Hindi na niya nakita ang naiiling na pagngisi ng lalaking naiwan dahil malawak na ang ngiting sinalubong niya ang pulis. “Nandiyan na ba si Atty. Matriano?”

“Kung ang supladang parang modelo ang sinasabi mo, oo, nariyan na,” naiiling na sagot nito matapos muling ikandado ang selda at nagpatiuna na sa kanya.

Napakunot-noo siya. “Ano'ng s'abi mo?” habol

niya rito.

“Akalain mong abogada pala ang babaeng ’yun. Napakabata pa. Kung hindi lang siya masyadong seryoso at ngumiti man lang nang kaunti ay pupusta akong magmumukha siyang teenager lang.”

Mas lalong nangunot ang noo ni Travis. Sa lahat ng pagkakataong pinipiyansahan siya ng kanyang ama sa tuwing napapa-trouble ay ang abogado nitong si Dennis Matriano ang sumusundo sa kanya. Mahigpit ang ama sa bagay na iyon sapagkat ayaw nitong makalabas sa press ang mga pinaggagagawa niya. At hindi iyon dahil sa kung ano ang sasabihin ng mga tao kundi hindi nito gustong makarating sa kanyang lolo ang nangyayari.

At fifty-eight, his father was still ridiculously afraid of his own father. Ang kanyang lolo na si Zacarias Garcia, the owner and founder of *Zac G.* Isa iyong clothing company na mahigit sampung taon nang namamayagpag sa larangan ng fashion hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo. *Zac G.* had an apparel from girls' dresses to guys' sportswear. Napakalaki rin ng market ng mga footwear, bags, belts and anything concerning the latest classy trends.

Zac G. was the biggest fashion success in the history of the Philippines. It was his father and

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

grandfather's pride. If only he could say the same. Pangarap ng kanyang ama na balang araw ay siya na ang mamahala sa kabuuan ng kompanya, at alam nito na walang pag-asang matupad ang pangarap na iyon.

Oo, nakikinabang si Travis sa karangyaang hatid ng kanilang kompanya, pero dahil lamang iyon sa hinarang ng kanyang abuelo ang lahat ng posisyong naghihintay sa kanya noon matapos niyang mag-graduate sa *Philippine Military Academy*. He was ready and excited, to say the least, para magamit ang kanyang pinag-aralan. He was an overly boyish kind of boy and never did outgrow the want to fight against the bad boys. He wanted to be a high-ranking military official. It was his ultimate dream. A dream his bastard grandfather crushed into ashes just so he could be a *fashion expert*.

For shit's sake.

"Travis Garcia, it's nice to meet you."

Bumalik sa kasalukuyan ang kanyang isip nang marinig ang malamyos na boses na iyon. A seductively husky voice, yet with a tangible firmness.

"I'm Natasha Estrella, your father's new assistant," anang boses pa ring iyon, sabay abot ng kamay nito.

And then, eyes black as night bored into his. It

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

was so magnetic he had a difficult time lowering his gaze down to the lady's straight sensual nose, and down to her lips adorned with blood colored lipstick. Nakita pa niya ang pag-angat ng isang sulok niyon na nakapagpabalik ng kanyang paningin sa mga mata nitong hindi pa rin iniiwan ang sa kanya. For a moment, he thought he saw a cynical stare before it shifted into a professional smile.

Napahigop pa si Travis ng hangin nang mapansing tumaas ang isang kilay nito. At noon pa lamang niya napagtantong nakalahad pa rin ang kamay ng babae. Pero nang akmang aabutin na niya iyon ay hangin ang naabot niya. The girl took her hand back and faced the police officer in-charge.

“Are we clear, Officer?” Puno ng awtoridad ang boses nito na maging ang pulis ay natameme nang taasan din nito ng kilay.

“A-ah... Yes, Ma’am.”

“Good.” Muli siya nitong nilingon. “Follow me, Mr. Garcia.”

Isusumpa ng binata na nakita niyang umikot ang mga mata ng babae bago siya tuluyang tinalikuran at nagpatiuna nang maglakad palabas. Nangunot muli ang kanyang noo at wala sa oras na napalingon sa

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

pulis na tulala pa ring nakasunod ang paningin sa nakalayo nang babae.

“Sino daw siya ulit?”

Ni hindi siya nilingon ng dalawang pulis nang sabay ang mga itong kumibit-balikat. Iritadong iniwan ni Travis ang mga ito at nagmamadaling sinundan ang babae.

“Hang...” Nabitin ang pagkuha niya ng atensyon ng babae nang mapagmasdan ang nakatalikod nitong pigura. For a moment, he wanted to whistle. Nakasuot ng puting manipis na corporate blouse ang babae, naka-tuck in iyon sa high-waist nitong red pencil skirt. The fabric enveloped her body like second skin. Kaya kitang-kita niya ang makipot nitong baywang. Waist he swore he could span with his hands and round hips and bum that looked so deliciously firm and soft. Bumaba pa ang paningin niya sa nakahantad nitong mga binti. They were firm and looked endless over those five-inch stilettos she was wearing.

Muntik pa siyang mabangga sa babae nang bigla itong tumigil sa paglalakad at humarap sa kanya. He then took a whiff of her blood-thickening scent. It was amazing how the woman's scent perfectly matched her looks. Warm and mysterious, sweet yet almost erotic.

Erotic.

*Erotic! What the f*ck!*

“Nakikinig ka ba sa akin, Mr. Garcia?”

He was for a moment, until he saw the unforgiving curve of the lady's cleavage. The thin fabric of her white blouse naughtily covered the pinkish tan pair of globes. Sa tingin niya ay mamali lang ito ng paggalaw ay masisilayan na niya ang kabuuan niyon.

And then he heard her snort. Saka pa lamang umangat ang tingin niya sa babaeng tila nakakaloko ang pagkakatingin sa kanya.

“If we weren’t in a public place, I would have popped my buttons just to satisfy your perverted look.”

Nag-init ang tainga ni Travis sa sinabi nito. She’d said it like it was a normal thing to say and she was truly feeling sorry she couldn’t do what she’d just said.

Napahugot ng malalim na hininga si Travis, iniisip na mamaya pagdating niya sa bahay ay pipigaan niya ng kalamansi ang mga sugat para parusahan ang sarili sa dumi ng takbo ng kanyang utak. “I’m sorry, I didn’t get your name. You’re Miss...?”

Naghintay siyang sagutin nito pero tinaasan lang

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

siya ng kilay ng kausap. “Get in the car, your father can’t wait to see you.” Muli siya nitong tinalikuran at nagpatiuna nang sumakay sa itim na A7 Audi.

“So who are you exactly?”

Ni hindi siya nilingon ng babae nang sumagot.
“Natasha Estrella. I’m your father’s new assistant.”

“Ano’ng nangyari kay Carlos?” tukoy ni Travis sa halos kaedad niyang assistant ng ama.

Umangat ang isang sulok ng bibig ni Natasha. “I kicked him out.”

Napatawa siya. The girl was funny. Pero unti-unting nawala ang kanyang ngiti nang makitang hindi nagbago ang seryosong mukha nito. “You kicked him out?”

“Hindi ko gustong inuulit ang mga sinabi ko na, at ito na ang pangalawang pagkakataong parang wala ang focus mo sa mga sinasabi ko.” Derecho siya nitong tinitigan sa mga mata. “I. Kicked. Him. Out. Comprende?” Pagkatapos ay ibinalik nito ang atensyon sa pagmamaneho.

“I’m confused. Unang-una, wala kang karapatang magpatanggal ng sinumang empleyado sa aming kompanya. Second of all, would my dad even allow

that?"

"I'm sure he won't," walang anuman nitong sagot. "Except that I'm not under his authority."

Tila may biglang tumadyak sa kanyang sikmura. Saka pa lamang niya napansin na hindi patungo sa kanilang mansion ang tinatahak nitong landas. "Where are we going?" The place was suddenly becoming familiar.

"You'll see."

Unti-unti nang nauubos ang kanyang pasensya sa babaeng nagmamaneho. "Lady—"

"It's Natasha," putol nito sa kanya. "At hindi mo ako mapipilit na sagutin ang mga tanong mo. Kaya kung ako sa 'yo, iipunin ko na lang ang mga 'yan until we get to our destination. For God's sake, mas madaldal ka pa sa babae."

Halos maningkit ang mga mata ni Travis sa tinuran nito. "You're my father's assistant. My father owns the company and soon enough, ako na ang magmamay-ari ng kabuuhan ng Zac G. So unless you wanna get your pretty ass fired right now, you better learn to respect me!"

The girl merely rolled her eyes. "You're pathetic."

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“What did you say?” di-makapaniwalang untag ni Travis. Kulang na lang ay hablutin niya ang braso ng kausap.

Halos masadsad siya sa dashboard sa bigla nitong pagpreno. “F*ck! What the f*ck!” Now he was really angry.

“You’re pathetic,” ulit nitong nakangisi na siyang hinarap. Her eyes, if possible, got even darker. “Paano mo naisip na mapapasaiyo ang Zac G. balang araw?”

“I’m an only son.”

“Of course you are. The question though is, are you capable of handling the business?”

“What do you care?” he countered. “I could drag it down the gutter if I want to.”

Sandaling tumalim ang tingin ni Natasha bago nagsalita. “You’ll drag it down the gutter even if you don’t want to.” Muli na nitong pinaharurot ang kotse.

Matalim siyang ngumiti. “That’s it. Stop the car, at huwag ka nang mag-abala pang mag-report sa trabaho. Wala ka nang madaratnan.”

Pero sa halip ay mas pinabilis pa nito ang takbo ng sasakyang.

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“I’m serious. Stop the car.” May babala na sa kanyang boses.

“Make me,” Natasha challenged while looking straight in his eyes all the while seductively biting her lip.

Bigla ay parang nanuyo ang kanyang lalamunan sa ginawa ng babae. As intrigued as he was as to how the girl was behaving toward him, his mind suddenly didn’t care about everything that she’d just said. All he was thinking of right now was tasting those sensual lips that looked like they were begging for his kiss.

Walang babalang kinabig niya ang manibela sa gilid ng kalsada, inabot ang binti nito at inapak sa preno. His other hand then pulled the handbrake up before it snaked around Natasha’s waist. And then his lips were on hers. And the world started to spin.

He was right. The sweetness of her lips instantly sipped into his veins fueling a raging fire that conquered his body without a warning. Ramdam niya ang paninigas ng katawan ni Natasha. At inaasahan niyang itutulak siya nito, pero habang kumukuha pa ito ng oras para makabawi, ninamnam niya ang malalambot nitong labi, ang mainit at mapanghalina nitong katawan. And her scent. Mas hinapit niya ang babae, wanting more of that heat that her body was

endlessly giving off.

Hindi nagyayabang si Travis kung sabihing hindi na niya mabilang ang mga babaeng nahalikan na niya at higit pa roon ang nagawa sa mga ito. Pero ang halik na ito ay walang dudang pinakanakakaakit na halik na naranasan niya.

Bigla ay napasinghap siya nang maramdaman ang mga kuko nitong dahang-dahang bumabaon sa kanyang dibdib. Hindi sana niya iyon papansinin pero tila walang balak ang babaeng tumigil, they dug deeper and deeper until the pain became unbearable. Nang subukan niyang ilayo ang sarili rito ay nabitin lamang siya. She was biting his lower lip and was looking straight in his eyes. Habang nasa ganoong ayos ay naramdaman niya ang pagngiti nito at ang dahang-dahang paghagod ng palad nito mula sa kanyang dibdib patungo sa kanyang tiyan. But right before his body could start to get hot again, a painful grunt escaped his lips.

Shit!

Noon pa lamang pinakawalan ni Natasha ang kanyang bibig. Ang mga mata nito ngayon ay matalim nang nakatingin sa kanya. “This is the last time you’ll ever touch me, you understand?”

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“Let go,” halos paanas niyang saad. Her hand was tight around his crotch at nag-uumpisa nang mandilim ang paningin niya.

Pero sa halip na sundin siya ay mas lalo lamang nitong nilakasan ang pagkakahawak sa kanya. “Do you or do you not understand?”

Nanlalamig na ang kanyang mga palad at nagsisimula na ring pagpawisan ang kanyang noo. The wench was squeezing him like she was squeezing a stress ball. “You’re gonna pay—shit!” He could faint any moment. The lady was merciless. “I understand, for God’s sake!”

Parang bumalik sa kanyang katawan ang kaluluwa ni Travis nang bitawan siya ng babae. Tumaas-baba ang dibdib niya. He was still in physical pain but his ego was feeling worse.

“Good boy,” nakangising saad ni Natasha bago pabalya siyang itinulak at ipinagpatuloy ang pagmamaneho. “We’re almost there...”

He took a glance at her and he felt like his balls got even more painful. “S-sino ulit ang boss mo?”

Bahagya siya nitong nilingon at makahulugang ngumiti. “I am your father’s new assistant, but my boss is Zach.”

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

Kasabay niyon ay ang pagbusina ni Natasha sa harap ng isang mansion na napakatagal nang panahon na hindi niya napuntahan. His grandfather's mansion.

“Hey, Dad. Good evening, Lo—”

“Sit down,” mabilis na putol ng abuelo na ni hindi man lang siya tinapunan ng tingin. Kunot-noo itong nakasubsob sa mga papeles sa harap ng desk. Sa scarf na nakapaikot pa rin sa leeg nito at sa suot na itim na tailored shirt, halatang kalalapag lang ng matanda sa Pilipinas. Talk about timing.

“Sit down,” malumanay na saad ng kanyang ama na pumukaw sa naglilimayon niyang isip. Nakaupo ito sa isa sa dalawang upuan sa harap ng desk ni Zach.

Inokupa niya ang bakanteng upuan at mahinang nagsalita, umaasang hindi iyon maririnig ng lolo. “What is he doing here?”

Kumunot ang noo ni Leandro, ang kanyang ama, bilang pagsaway sa kanyang pagbulong. Nangunot din ang noo niya rito at muling bumulong. “What? Where’s Carlos? Hindi mo siya puwedeng basta-basta na lang isisante, Dad.”

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“Trey, shut up,” may warning sa pagbulong nito.

Iritadong nagpatuloy siya, “That girl, Natasha,” tukoy ni Travis sa babaeng nagpaiwan sa labas ng study, “is a bitch. She grabbed my b—”

“She grabbed your balls?” bigla ay putol sa kanya ni Zach.

Napailing si Leandro at siya naman ay napapalunok na nilingon ang abuelo. “You’re an old man, you’re not supposed to hear well,” pormal niyang saad.

“Travis!” muli ay saway sa kanya ng ama.

“Yan ba ang ginagawa mo sa tuwing may kalokohang ginagawa ang anak mo, Leandro? Sinisigaw mo ang pangalan niya?” baling ng matanda sa anak nito.

“Papa, ako na ang humihingi ng pasen—”

“Bakit? Ikaw ba ang may kasalanan?” Saglit nitong nilingon ang binata bago ibinalik ang atensyon sa kausap. “Ikaw ba ang pitong beses nang nakulong at pinag-aksayahan ng pera para makalabas? Tell me, Leandro, sa tuwing may ginagawang kabulastugan si Travis at matapos mo iyong maareglo, what do you do to punish him?”

Nag-init ang tainga niya sa sinabi nito. “What

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

do you mean, to punish me? Do I look like twelve to you?" *Old bastard!*

"No, you certainly don't look twelve to me, Travis. Pero sa mga nabasa at narinig ko tungkol sa 'yo ay mas gugustuhin kong doce años ka nga lang. Because not one thing from all these reports indicate that you're a grown man!" Tumaas na ang boses nito.

"Papa, I—"

"Shut up, Leandro!" mabilis nitong sawata sa anak. "Don't you dare justify your son's action!"

Naiiling na nagsalita si Travis. "Ano ba'ng mga narinig mo? Ang mga nabasa mo? Why the hell are you so angry?"

Sarkastikong ngumiti si Zach at derecho siyang tiningnan. "Paulit-ulit kong binasa ang mga reports, hoping na mababago ang nakasulat sa mga iyon. Pero namemorya ko na ang mga iyon at lahat, they still remained the same. This month, Travis, mahigit isang milyon ang kabuuhan ng naiwaldas mo ayon dito." Iwinasiwas nito sa kanyang mukha ang bungkos ng bank statements mula sa iba't ibang bangko. "You've been in four bar fights—"

"Okay, that is just unfair. Bago mo i-generalize na basag-uloh ako, why don't you ask me first kung

paano nangyari ang mga iyon?”

“Making fun of a fat bouncer ending up in a fist fight, flirting with a girl who has a date, getting too drunk and refusing to go home and just tonight, punching a media guy in the face for asking you a question—”

“Hey!” muli ay putol ni Travis sa abuelo, sabay turo sa namamaga niyang panga. “He punched me first! Hindi mo naman siguro inaasahang hahayaan ko lang ’yun?” Nagtagis ang mga bagang niya sa pagkaalala kay Gideon Morales. The nosey scum of the press. He wasn’t done with him yet.

“You punched him back because you’re used to punching people. Huwag mo nang hilingin na sabihin ko sa ’yo lahat ng nilalaman ng reports. Every night you spend a fortune hanging out with your useless friends. Ni hindi ka nagtatrabaho sa kompanya. You spend money like you hate it.”

“Where are you getting these reports from?” Nangangati na ang kamay niyang sakalin ang sumbongerong imbestigador na malamang ay inupahan ng matanda.

“Hindi dapat ’yan ang inaalala mo ngayon.”

“What do you mean?” Narinig niya ang mabigat

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

na pagbuntong-hininga ng kanyang ama, pero ipinako niya ang mga mata sa abuelo.

“I am taking over the company again and I am cutting every source of money that you have.”

2

Nangangati ang mga kamay ni Travis, tinatantya ang kausap. Would Zach take back what he'd just said if he threatened him to snap his neck? What if he gave him a solid punch in his gut? Bigla ay napatawa siya, sabay palakpak at nanghihinang napabuntong-hininga.

“Jesus! You have a rotten sense of humor, Lolo. You almost got me there!” Naiiling na nginisihan niya ang pormal na pormal niyang ama. “How funny is that? Joking about cutting me off?”

Nanatiling pormal si Leandro maging ang abuelo niya. Tila hinihintay lang na tuluyan niyang ma-digest ang sinabi nito.

Shit! Tuluyang nawala ang ngiti sa kanyang mukha. “You’re serious.”

“You bet your ass I am.”

Kumibit-balikat siya. “Para mo na ring sinabing inaalnis mo na ang koneksyon mo sa akin. At kung seryoso kang gawin ’yan, I demand you to talk to your buddies and tell them that they can hire me now. I’m still a graduate of *PMA* and I deserve a position.” He

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

wasn't going to give this old man the satisfaction of having him say sorry and beg for anything.

"I can do that, Travis," taas-noo nitong saad bago nakakalokong ngumisi. "But do you think they'd even consider hiring you after all the police records that you have now?"

Napatiim-bagang siya. His grandfather was right. "What do you want from me?"

Matagumpay na ngumiti ito at nilingon si Leandro. "Tell him, Son."

Nilingon ni Travis ang amang kunsumido pa rin ang mukha. Saglit na parang mas matanda pa ito kaysa sa kanyang lolo. He wanted to laugh at the thought.

"Magtatrabaho ka sa kompanya, sa ayaw at sa gusto mo," umpsisa nito.

Kunot-noo siyang nagsalita. "That's it? At hindi na ika-cancel ang mga bank accounts ko?"

"They are already cancelled," muli ay sali ni Zach.

"What?" bulalas niya. "I have bills to pay every month!" Nagbabayad pa rin siya buwan-buwan sa kanyang bagong sasakyang at bike, huwag nang isali ang kung anu-anong gadget collections niya. His

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

electric bill itself reaches up to thirty thousand a month.

“And that’s why you need to work,” walang anumang sagot ng matanda.

Sa pagpipigil na ginagawa niya ay puwede na siyang ideklarang santo. “I never imagined myself to be the vice president of the company at this age. Kung may posibilidad man sa isip ko na mamahala sa kompanya, inasahan kong matagal pa iyon. I thought I’d be around forty. Don’t you think I’m too young for the position?” tangka niyang pag-discourage sa mga ito.

“Oh, we thought about that, all right,” ani Zach na tuluyan nang umaliwalas ang mukha.

“So, bakit n’yo na ibinibigay sa akin ang responsibilidad na iyan? I’m just twenty-nine, for God’s sake!”

“Magtatrabaho ka sa kompanya, Travis. But you’re *not* taking any executive position.”

“What?” mangha niyang tanong sa ama.

“You’ll start off doing clerical work.”

“That’s right,” sang-ayon ng abuelo. “Minimum salary, basic benefits and a decent desk.”

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

Marahas na bumuga ng hangin ang binata. Hindi niya mapaniwalaan ang mga naririnig. “Dad?” tangka niyang paghingi ng saklolo.

“You’ll be in sales department, Trey. Same floor as mine.”

“So should I be thankful for that? Nasa pareho tayong palapag? What comfort would I get in that? They all know that I’m your son, ’tapos hahayaan mong utus-utusan ako ng mga empleyado mo. Come on, Dad!” He was really finding this preposterous. He must be dreaming.

“There’s an upside to this, Trey,” anito. “Kapag sa loob ng dalawang buwan ay walang maging problema sa trabaho mo, maayos ang pakikisama mo sa mga empleyado, wala kang masuntok, walang mag-complain laban sa ’yo, you can then be the vice president. And we will reopen all your bank accounts.”

“And you will know that I’m doing well, how?” baling niya sa abuelo.

Ngumiti ito at luminga sa pinto. Napasunod doon ang tingin niya at parang sinilabang mabilis na nag-init ang kanyang tainga. Nakatayo sa tapat niyon si Natasha.

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“Hi, Trey. Did you like the reports I made about you?” she said seductively, pero ang mga mata ay may talim at pangungutya.

Nanlaki ang mga mata niya. “You bitch!”

Nakangising umikot ang mga mata nito. “Oh dear, someone’s grumpy tonight.”

“You’ve been spying on me,” deklara niya.

Kunwa ay maliit itong ngumiti at kumibit-balikat.
“Guilty!”

“Travis,” tawag ni Zach sa kanya. “Kung mapagdesiyunan mong tanggapin ang inaalok ko sa ‘yong kasunduan, Natasha here will make sure that you do everything right. Tardiness, manners, work quality and attitude. You fail one of those and you’ll end up a clerk all your life. I’m serious.”

“Better make the best of it, Travy!” nakangising saad ng babae.

Naniningkit ang mga matang pinaglipat-lipat niya ang paningin sa dalawang nakakatandang lalaki.
“You let her talk to me like that?”

Umiling si Leandro at hinayaang magsalita ang ama. “Well, you are a clerk, after all. Masasabi naming lahat ng gusto naming sabihin.”

Kiss my ass! he wanted to yell. “I’m not accepting any of this bullshit.”

Nanahimik ang mga ito bago muling nagsalita si Zach. “Are you sure? This is the only chance I’m giving you to prove yourself, Travis.”

He stood up. “Kung may gusto akong patunayan, ‘yun ay ang hindi mo ako mapapasunod sa mga gusto mo. You sabotaged my future that’s why I ended up a bum. I could work as a toilet cleaner and I wouldn’t care. Pero hinding-hindi sa kompanya mo.”

“Travis, think about it,” ani Leandro na mapang-arok na nakatingin sa kanya.

“I did, and I refuse.” Nilingon niya si Natasha. It took him a while to get his attention off her beautiful face. “We are not yet done.”

Nakakaloko lang itong nagkagat-labi at iwinagayway ang malalantik na daliri. And then she mouthed, “Bye-bye.”

Bitch!

Hindi napigilan ni Natasha ang pag-angat ng sulok ng labi sa nakitang kabiguan sa mukha ni Travis Garcia, the good-for-nothing heir to the Zac

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

G. company. Ang nag-iisang tagapagmana na wala nang ginawa kundi ang iwaldas ang perang hindi naman nito pinaghirapan. It pained her to think that in the near future, Travis would own the company she'd been working for since she graduated. Sigurado siyang kapag nangyari iyong ay tuluyang babagsak ang kompanya. Sa isip niya ay kailangang isang competent na tao ang mamahala ng Zac G. just like Zach and Leandro. And Travis was far from it. Bumalik sa kanya ang alaala ng naging pag-uusap nila ni Zach ilang taon na ang nakakaraan.

“Travis is still taking no interest in the company, Tasha,” malungkot na saad ni Zach matapos ibaba ang telepono. Katatapos lang ng usapan nito at ng anak na si Leandro. Nasa Thailand sila, sa paboritong bahay-bakasyunan nito doon. She had been working as Zach’s executive assistant for four years now and she had known him even before she started college.

“I’m sorry, Zach. Siguro ay kailangan mo lang siyang bigyan pa ng oras. He’s still probably finding himself,” pang-aalo niya sa namomproblemang matanda.

Mapait itong ngumiti. “He is twenty-nine now. Sigurado akong paraan pa rin niya ito para makaganti sa panghaharang ko sa magiging trabaho sana niya noon.”

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

Sa isip niya ay napaka-childish niyon para gawin ng lalaki. It wasn't like Zach had ruined his life. Kung tutuusin ay mas magandang future ang ibinibigay nito sa apo. She couldn't buy the rebelling bullshit the young Garcia was trying to pull. Sanay lang itong nakukuha ang gusto simula noong bata pa kaya hanggang ngayong matanda na ay pinapairal pa rin ang pagtantrums para makuha ang gusto.

“What does he do now?”

“Nothing, he's just collecting cars at nakikipagkarera sa kung kani-kaninong barkada,” mabilis nitong sagot. “Kung may ipinagpapasalamat ako ay iyong hindi ito nasasangkot sa anumang gulo. ’Cause that would greatly frustrate me.” Muli itong bumuntong-hininga.

“Kung may magagawa ako, just tell me...” she offered.

“May isang bagay akong naiisip na maaari mong gawin.”

Napakunot-noo si Natasha. “What is that?”

Nilingon siya ng matanda na may pakiusap sa mga mata. “I want you to go back to the Philippines, Tasha.”

Bigla ay kumabog ang kanyang dibdib. Mag-aapat na taon na nang umalis siya ng Pilipinas. She was

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

missing her family so much. “W-what will I do there?”

“I want you to check on Travis. Gusto kong malaman kung ano mismo ang ginagawa niya sa araw-araw. Hindi sa wala akong tiwala kay Leandro, but I have this feeling that he is hiding something from me. I want you to know Travis’s activities. Baka may makita kang sign man lang na nagma-mature na siya. Maybe you could tell me in the end that there is still hope that he’d be able to handle the company in the future. Just anything...” desperado nitong saad.

She took a deep breath. “W-what if in the end, masasamang bagay lang ang makita ko? What if he’s worse than what his dad is saying about him?”

Nag-iwas ito ng tingin. “I might make a codicil then. You should inherit the company from Leandro. If Leandro refuses, the company will go through bidding and it will completely be lost.”

“What?” She must be hearing things. Hindi siya makapaniwala sa tinuran ng kausap.

Nilingon siya ng matanda at masuyong nginitian. “I have known you since you were young, Natasha. You’re a strong, driven woman and you never let anything get in your way. Kaya ko alam na hindi mo pababayaan ang kompanya. I love my grandson, he

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

would get a share. Pero hindi ko hahayaang ibagsak niya ang pinaghirapan ko..."

"You know what to do, Tasha."

Iyon ang pumukaw sa pagdaloy ng kanyang alaala. Nilingon niya si Zach na nagsalita. "Yes."

"Ano ang gagawin n'yo?" kunot-noong tanong ni Leandro.

"Hindi mo na kailangang malaman," sagot ni Zach. "Binigyan ka na ng sapat na pagkakataon para suwetuhin ang anak mo, pero sinayang mo. Look at what he is now."

"Papa, Travis has his own life. Wala tayong karapatang pangunahan siya sa gusto niyang gawin."

"Kahit dahan-dahan niyang waldasin ang pera ng kompanya? Kahit na buwan-buwan kung masabak siya sa gulo?" The old man huffed. "No wonder Travis is so lost. Wala kang direksyong binigay sa kanya mula noong maliit siya. You treated your son as your spoiled pet. Giving him everything he asks for and then laughs when he gets himself in petty troubles. You don't know discipline!"

Nanatiling tahimik ang lalaki bagaman madilim ang mukha.

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“Don’t try to meddle with what I do or you’ll end up like your son. Now, leave.”

Nakatiim-bagang si Natasha habang naglalakad sa sementado, ngunit maputik na eskinita patungo sa kanilang bahay. Hila-hila niya ang isang malaking maleta habang nakasunod sa isa sa mga tambay na nadaanan niya na may bitbit nang ilan pang bags at kahon. Ang umaalingasaw na amoy ng imburnal ay nanunuot sa kanyang ilong.

She hated this place. Ang lugar na ito kung saan siya lumaki at nagkaisip. Ang lugar kung saan naranasan niya ang hindi kumain nang dalawang araw para lang ibigay ang kakarampot niyang hati sa mga nagugutom pang kapatid. Ang lugar din kung saan ilang ulit siyang nabastos ng mga tambay lalo nang nagdalaga siya. Mapait siyang napangiti. She had enough money now to get a decent house for her family.

Napakalaking tulong ang scholarship na ibinigay sa kanya ni Zac Garcia nang tumuntong siya sa kolehiyo. Isa siya sa mga naging beneficiaries ng foundation nito. Pero bago pa iyon ay madalas na siya nitong makita sa mga trabahong ibinibigay nito sa mga public high school students. Maraming beses

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

sa isang taon kung mag-open ng sale ang *Zac G.* sa mga high school and college institutions sa tuwing may event. At maraming beses na siya ang napiling tumao sa ilang stalls.

The old man used to watch the stalls personally, kaya nakita nito ang sipag at persistence niya na makabenta nang malaki. Puspusan palagi ang ginagawa niya noon sapagkat may dagdag na isang libo ang sinumang may pinakamaraming mabenta. She'd won every single day. Natuwa sa kanya ang matanda, kinausap siya at simula noon ay pinayagan na rin siya nitong maging saleslady ng *Zac G.* sa tuwing wala siyang pasok. Doon siya tumatao sa pinakamalapit na *SM* sa kanilang lugar sa Fairview.

And then he granted her with scholarship. Pinakuha siya nito ng Business Management bagaman sinabi sa kanya na siya ang magiging executive assistant nito sa oras na maka-graduate siya. At nangyari lahat ng iyon. After she graduated, ibinigay ni Zach sa anak ang buong pamamahala sa kompanya nito sa Pilipinas at ito ay tumulak ng America kasama siya.

Doon ay itinuro sa kanya ng matanda ang lahat ng kailangan niyang malaman hanggang sa naging bihasa na siya sa lahat ng aspetto sa pagpapatakbo

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

ng kompanya. Apat na taon na siyang naroon nang ipakiusap sa kanya ang pag-uwi rito upang subaybayan si Travis. At ngayon ay tatlong buwan na ang nakalilipas mula nang mangyari iyon.

She was able to go back to the States, told Zach everything she'd gather and that was why they were here. Kadarating lamang nila nang nagdaang araw at ang unang-una nilang ginawa ay ang pumunta sa opisina ni Leandro. Ipinagbigay-alam dito ng matanda na siya na ang assistant nito. She then kicked Travis's close friend Carlos, ang dating assistant ng ama nito na madalas ay kasabwat ng lalaki sa mga kalokohan.

They were still in a meeting nang matanggap niya ang tawag para kay Leandro and found out that Travis was in prison. And the rest was history. Doon na siya natulog sa mansion ni Zach at ipinahatid na lamang siya sa driver ngayong umaga.

“Ate!” masayang bulalas ni Nika, ang kanyang quince años na kapatid, nang makita siya sa bungad ng pinto.

“Nika!” Mabilis niyang binitawan ang bagahe at mahigpit itong niyakap.

“Di mo sinabing darating ka,” anito nang maghiwalay sila.

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“Eh di, hindi ko kayo nasopresa,” aniyang hinalikan ito sa pisngi.

“Nika, sino iyang ka—Tasha!” anang inang payat na payat at sinalubong din siya ng yakap.

“Nay, ba’t ang payat-payat n’yo? Nagba-vitamins ba kayo?” usisa niya habang mahigpit din itong yakap.

“Di naman naubra ang mga binili mo, eh,” sagot nito bago siya binitawan at hinalikan sa magkabilang pisngi.

“Baka naman di n’yo iniinom...” kunot-noo niyang saad at muling pinagmasdan ang inang mas lalo yatang nangayayat mula nang huli niyang makita.

“Huwag mo na nga muna ’yang problemahin, ’kaw talaga! Ba’t di mo sinabing babalik ka ngayon?” Ikinulong nito sa mga palad ang kanyang mukha.

“Surprise po, ’Nay. Nasaan si Kuya Jigs?”

“Ate Tasha,” biglang sulpot ng bunso nilang si Aldrin. Magdo-doce pa lang ito.

“Bunso! Halika, bilis!”

Pero imbis na lumapit ay tila nahihintakutan itong tumingin sa ina. Nagtatakang nilingon din niya ang ina at huling-huli niya ang pandidilat nito

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

sa bunso. “Ano’ng problema?” Siya na ang lumapit sa kapatid.

“W-wala, Ate,” utal nito saka siya niyakap. “Na-miss kita...”

“Na-miss ko kayong lahat,” masuyo niyang sagot at nilingon ang inang hanggang ngayon ay halatang nababagabag pa rin. “Nasaan ang Kuya Jigs?” mahina niyang tanong kay Aldrin habang yakap pa rin ito at ramdam niya ang paninigas ng katawan ng bata.

Bumitaw ito sa kanya. “H-hindi ko po alam, Ate.”

Nilapitan niya ang ina na tuluyan nang naging kunsumido ang mukha. “Nasaan si Kuya, Ma? Ba’t di n’yo ako sinasagot?”

Kinakabahan siya sa nangyayari. Simula’t sapul ay sakit na sa ulo ang kanilang panganay. Talamak sa pag-iinom ang kanyang kapatid at nang huli ay nawiwili ito sa pagsugal sa casino kasama ang mga bagong kakilalang barkada. Kaya nag-alangan siya noong iwan ang perang pinag-ipunan niya para makapagpatayo ng bahay sa lupang nauna na niyang binili. Pero siniguro ng kanyang ina na hindi iyon mahahawakan ng kapatid.

“N-nasa kulungan ang kuya mo, Tasha.” Kasabay niyon ay ang pag-agos ng luha ng matandang babae.

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“Ano? Bakit, ano’ng nangyari?” magkasunod niyang tanong, unti-unti na siyang pinanghihinaan.

“Malaking pera ang naipatalo niya sa sugal, kaya para mabawi iyon ay nagpusta siya ng perang wala siya. Ipinakulong siya ng nakatalo sa kanya. At sinabing hindi iaatras ang kasu hangga’t hindi nababayaran ang kabuuhan niyon.”

“T-teka, saan siya kumuha ng perang naipatalo niya? Magkano iyon?”

“D-dalawang milyon, Anak. Hindi ko alam na natunton niya ang... ang perang iniwan mo.”

Tuluyan nang nanlamig ang kanyang katawan.

3

“David, nasa trabaho ka ba?” Tiim ang mga bagang ni Travis habang nakatingin sa kanyang newly personally customized *Audi A8 L W12* na kotse.

“Nagtanong ka pa,” maanghang na sagot ng nasa kabilang linya. “Unlike you, may mga taong may responsibilidad.”

Hindi niya pinansin ang pang-iinsulto ng kausap.
“Can we have lunch?”

“Sandali, si Travis ’to, di ba?”

“Of course it’s Trey, you prick. Kasasabi ko lang sa ’yo nang sinagot mo ang tawag, di ba?”

“Well, forgive me, jackass. Hindi ko lang naisip na aayain mo ako sa lunch or whatever kind of meal. Mas inaasahan kong aayain mo ulit akong magkarera.”

Napangisi siya sa tinuran ng mayaman at batang-batang businessman na sunod-sunod na nilalamon ang maliliit na construction company sa bansa. “Aw, Dave, ayaw ko na sanang banggitin ang tungkol sa karera dahil alam ko namang masama pa rin ang loob mo dahil hindi mo pa ako natatalo.”

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“Get straight to the point, I don’t have all day and I can’t meet with you.”

Napapaseryosong nagbuntong-hininga siya. “I bought a 2014 Audi A8, I’ve had it customized into its maximum speed and performance. Ni hindi ko pa ito nagagamit sa karera—”

“Wait, ibebenta mo ba ’yan sa akin?” Halata ang pagtataka sa boses nito.

“No, as a matter of fact, I’m giving it to you as a gift.”

Patlang.

“Hello?” untag niya.

“Have you slept with my girlfriend?”

Lihim siyang napamura. “No! Can’t a man give his buddy a little gift?”

“What do you want, Garcia? Alam mong kaya kong bumili kahit sampa niyan at ipa-customize sa kahit na sinong gusto ko.”

*F*ck!* “Well, you don’t have to spend anymore... I’m giving mine to you.”

“Tic toc, tic toc. Sabihin mo na ang gusto mo.”

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

Muli siyang napabuga ng hangin. “Fine, I need a decent job.”

“What?”

“A decent job, deaf-o!”

“I heard you the first time, but I mean, why would you need a job. Don’t you own a company full of pink dresses?” Hindi makakaila ang ngisi sa boses ng tarantado.

“Very funny,” sarkastiko niyang balik. “Ayaw kong idetalye sa ’yo ang nangyari, but I do need the job and you’re the richest guy I race with so maybe you’d like my car and give me a job.”

“Okay... Let me think about it... Uhm... No!”

“Hey—” Nawala na ito sa linya.

Son of a bitch!

“I’ll take this car and give you a job....”

Marahas siyang napalingon sa pinanggalingan ng malamyos na boses at mabilis na naningkit ang kanyang mga mata. “Natasha.”

“Natutuwa akong naaalala mo ang pangalan ko,” anito at tuluyang pumasok sa nakabukas na gate ng kanyang bahay at dumerecho sa kinatatayuan niya

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

kung saan nakahilera ang kanyang mga sasakyen. She was wearing a dark brown halter dress with a garterized bodice. Ang buhok nito ay malayang nakalugay at bahagyang nililipad ng hangin ang maninipis niyong hibla. Hindi niya hinayaan ang sariling mas masusi pang pag-aralan ang hitsura nito. “Well?” untag ng babae.

Tumaas ang sulok ng kanyang labi. “Tatanggapin ko lang ang alok mo kung ang trabahong ibibigay mo ay hindi sa kompanya ng lolo ko.”

Kinagat ng dalaga ang pang-ibabang labi at napahugot siya ng hininga. “Your pride won’t take you anywhere,” derecho nitong sagot at humaluki liplip, pinagmasdan ang pinag-iinitan niyang sasakyen.

“Try dignity,” balik ni Travis.

Hindi siya pinansin ng kausap, sa halip ay tila kakaibang hayop sa zoo na inusisa nito ang kotse. Hindi niya napigilan ang sariling pagmasdan ang bawat galaw ng babae. Walang pagkukunwari sa bawat hagod ng tingin ni Natasha, hindi nito itinago ang paghanga at pagkamangha. Namimilog ang mga mata ng dalaga at napapangiti. May isa pang pagkakataong nawala ang pagkadominante ng mukha nito. It formed a child-like innocent look that temporarily took his breath away. Inilayo niya ang

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

paningin sa mukha nito dahil hindi niya nagugustuhan ang nararamdaman, pero sa kasamaang-palad ay nadako naman sa katawan ng dalaga ang kanyang mga mata. Maluwang ang suot nitong bestida, ngunit dahil sa hapit iyon sa dibdib at balakang ay nabigyang focus ang malulusog nitong dibdib. She was probably wearing a strapless push-up bra with the way her breasts looked perky and tender underneath the fabric. Ang napakakinis nitong balat sa balikat at sa braso ay napatingkad ng kulay ng suot nito. Dark brown against milky white. Just like his skin on hers.

Napailing si Travis. Heto siya at nakatakdang maghirap, pero ang makamundong pagnanasa pa rin ang hinahayaan niyang mamuno sa kanyang katawan. But of course he'd bed her. Hindi pa lang ngayon at marami pa siyang iniisip. But come to think of it, he could use a breather right now. Masyado siyang na-stress sa napakabilis na pangyayari mula nang dumating ang kanyang lolo mag-iisang linggo na ang nakakaraan.

Alam din niyang malamig at matigas na babae si Natasha, pero base sa kanyang mga karanasan sa napakaraming babae ay wala pang tumanggi sa kanya. It could take a couple of days or even a week, but in the end, he'd always got them where he wanted them—under him on his bed. On top of him could

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

work, too. Napangisi siya at inilang hakbang ang distansya sa babae.

“You know—”

“Don’t even think about it,” putol ni Natasha sa kanya ni hindi man lang siya tiningnan.

“W-what do you mean?” nagugulumihan ng tanong. Could she read his mind?

“I’m beautiful,” matatag nitong saad at sinalubong ang kanyang tingin. “So don’t think that I don’t recognize a perverted look when I see one.”

Napapalatak si Travis. “Don’t be too hard on yourself, Natasha... Why deny yourself of pleasure when it’s knocking right at your door?” he said smoothly and stepped closer. Halos isang dali na lang ang layo ng kanilang mga katawan.

Sandaling tila natameme ito habang pinagmamasdan ang kanyang mukha. *I’m handsome, Natasha. So don’t think I don’t recognize a smitten look when I see one,* ngisi niya sa sarili. Mukhang hindi na niya kailangang maghintay nang ilang araw.

“Well? Alam mo naman sigurong sa simula pa lang ay darating tayo doon, ba’t pa natin patatagalin?”

“You’re not my type,” mahinang bulong ng babae.

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

“What?” Hindi niya sigurado kung narinig niya ito nang tama.

“You’re not my type,” mas malakas na nitong ulit, ngunit lumapit sa kanya na naging sanhi upang malanghap niya ang pabango nito. At katulad noong una ay parang mainit na pulot ang amoy na iyon na mas lalong nagpalapot sa kanyang dugo. At muli ay bumaba ang boses nito. “You will never get to kiss me, touch me and bed me...” Ang mga labi ni Natasha ay sobrang lapit sa kanyang mukha na naamoy niya ang mabango nitong hininga. It was a sweet minty smell that made him feel heady.

Lasing ang pakiramdam na nagsalita si Travis, hindi inaalis ang paningin sa mapupula nitong labing tila nagmamakaawang halikan niya. “Are you sure?”

“Yes, I am,” mabilis nitong sagot. “Dahil sa oras na gawin mo iyon, tuluyan ka nang kalilimutan ng lolo mo. And surely, you don’t want that. Lalo na ngayon kung kelan wala kang mahananap na trabaho. Ngayong naibenta mo na halos lahat ng maaari mong ibenta. You badly need your grandfather’s mercy. And if you touch me...” Lumagpas ang bibig ni Natasha sa kanyang mukha at dumerecho sa kanyang tainga. “You’re screwed.” And then she walked away.

Tiim-bagang na pinigilan ni Travis ang sariling

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

hablutin ito pabalik sa kanya at patunayang hindi siya natatakot sa abuelo. Pero mayroon siyang napagtanto. “You’re the one keeping my grandfather’s bed warm, aren’t you?”

Natigil si Natasha sa paglalakad at kitang-kita niya ang paninigas ng katawan nito. He smirked when she looked back. Pero napawi ang anumang reaksyon sa kanyang mukha nang makita ang mukha ni Natasha. The wench was smirking right back at him.

“You would never know. Anyways, I’ll see you soon. I’m sure you’d soon come running back to Zach when your resources are gone.”

And she was gone.

Nag-iinit ang ulong pumasok sa loob ng kabahayan si Travis. He’d never felt so angry in his whole life until now. Who the hell cared if Natasha was in bed with Zach? Dapat ay inasahan na niya iyon. Ano ang ginagawa ng isang napakaganda at napakabatang babae sa tabi ng kanyang abuelo sa lahat ng oras? Malinaw na hindi lang ito basta-basta assistant base sa nalaman niyang pagbibigay rito ng matanda ng authority sa lahat ng mga tauhan. Ito rin ang pinagkatiwalaang bantayan ang mga kilos niya. An executive assistant didn’t do such thing.

Bitch! Inabot ni Travis ang susi ng Audi at mabilis iyong pinaharurot sa kung saan madalas siyang makipagkarera. Tama ang babae, naibenta na niya ang watch collection niya, mga lumang models ng kanyang gadgets including cellphone, tablets, laptops and cameras. Lahat iyon para mapunan ang balanse niya sa pinakahuling kotseng kinuha. But 1.5 million was not enough. Kaya naman talagang namumulubi na siya. He had five cars and two bikes, but he'd never thought of selling any of those until today. Pero sa nalaman sa babae ngayon, nagbago na ang isip niya. He was going to do what he did best. Race. Ipupusta niya ang kotseng ikakarera. Kapag manalo siya ay mapapasakanya ang kotse ng kalaban. At iyon ang ibebenta niya. And then maybe, he could start from there. An auto shop business or something like that, ang mahalaga ay makasimula siya. And then they could all suck it. He didn't need them.

“What’s wrong?”

“Nothing,” mabilis na sagot ni Natasha kay Zach na nasa harap ng kanyang lamesa. Hindi niya napansin na lumabas pala ito ng sariling opisina. It was a Saturday at iilang empleyado lamang ang naroon.

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

Mataman siyang pinagmasdan ng matanda na parang may binabasa sa kanyang mukha. Pagkaraan ay bumalik sa normal ang mukha nito. “So how’s Travis?”

Ekspertong pinigil niya ang paghinga upang walang anumang emosyong lumarawan sa kanyang mukha. “Malapit na siyang bumigay. Give him a week and he’d be filing the papers around here.”

Napangiti na ito. “Hindi mo talaga ako binibigo, Tasha. Gusto kong malaman mo na naa-appreciate ko ang lahat ng ginagawa mo para sa akin at para sa kompanya.”

Masuyo niya itong nginitian. A daughterly smile she didn’t often give him. “And I appreciate everything you did for me, Sir. I’ll be forever grateful.”

Malawak itong ngumiti. “Why don’t you get up there and let’s have dinner? My treat. Mula nang dumating tayo ay wala na tayong tigil sa trabaho.”

“I would so love that!”

“Come on, then!”

“So, kumusta ang pamilya mo?” tanong ni Zach habang sinisumulang hiwain ang in-order na steak,

nasa Highland Steak House sila sa Greenbelt.

“They’re fine,” paiwas niyang sagot at sumubo ng pasta, sinundan kaagad iyon ng red wine.

“Fine as in?” interesado nitong untag.

“Fine as in fine. Can we—”

“What’s wrong, Tasha?” putol nito sa kanya. “At huwag mong sasabihing wala, dahil alam ko kung nagsisinungaling ka. Napansin kong di ka mapakali simula pa kanina. Ano ang rason?”

She wanted to roll her eyes. The old man was really sensitive when it came to her. Minsan ay gusto niya iyon dahil nakikita niyang itinuturing siya nitong kapamilya. Pero ngayon ay hindi niya magawang ma-appreciate ang ginagawa ng amo. Dahil sa sarili niya, hindi niya alam kung alin ang mas bumabagabag sa kanya.

Ang pagkawala ng perang kay tagal niyang inipon at ang pagkakakulong ng kapatid, o ang munting eksena nila kanina ni Travis. The bastard who had managed to kiss her the first time they met formally. Ang lalaking walang habas siyang nilandi kanina na kung hindi pa niya sinanay ang sariling maging matatag ay malamang na ikinapahamak na niya. Her body was screaming for him earlier—and

even now. *Shit!*

“Tasha...”

“Yes?” disoriented niyang sagot.

“Are you okay?” puno na ng pag-aalala ang mukha ni Zach at gusto niyang tadyakan ang sarili. Hindi niya dapat ito pinamomroblema.

“I’m so sorry, Sir. I’m fine po... medyo nagkakaroon lang ng delay sa pinapagawa kong bahay. At napu-frustrate ako dahil gusto ko na silang alisin sa lugar namin sa lalong madaling panahon.” Hindi lihim sa matanda ang pangarap niya para sa pamilya.

Bumuga ito ng hangin at napailing-iling. “You know I can always—”

“Don’t, Zach, please...” Ilang ulit na itong nag-offer sa kanyang pahiramin siya ng pera, pero magalang lang niya itong tinanggihan. She was already blessed enough to have the job she had. Napakalaki ng pasahod nito kaya siya nakabili ng lupa at nakaipon ng pera para makapagpatayo ng bahay. Kalabisan na kung hahayaan pa niya itong pahiramin siya ng pera. Gusto niyang yumaman, hindi siya nagpapakaipokrita. At kung ibang tao si Zach, malamang ay sinunggaban na niya ang lahat ng tulong na inaalok nito. Pero napakahirap niyong

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

gawin kung purong kabaitan ang ipinapakita ng matanda.

Nang sinabi nitong mapapasakanya ang kompanya kung hindi umayos ang apo nito ay hindi siya kumibo. But of course, she wouldn't take it. Ang tanging gagawin lang niya ay inggitin si Travis, ipadama rito ang kawalan upang mapagtanto ng lalaki ang mga bagay na hindi nito pinapahalagahan. She owed it to the old man. Ang tanging gusto lamang ni Zach ay ang mapanatili ang tagumpay ng negosyong pinaghirapan nito. Kapag nagawa na niya iyon, maaari na siyang mawala sa eksena.

“Okay, you’re so touchy when it comes to your family. But you should know that I treat you as family, Tasha.” Inabot nito ang kanyang kamay na nakapatong sa lamesa. “So don’t ever hesitate to ask for my help.”

“Thank you...”

Magsasalita pa sana ang kausap nang biglang mag-ring ang cellphone nito. “Leandro... what? How is he?”

Napaangat ang tingin dito ng dalaga. Ramdam niya ang pagbundol ng kaba sa kanyang dibdib.

“For Pete’s sake! Leave him, wala naman palang

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

malalang nangyari, he can take care of himself... What do you mean he doesn't have money? I do know that, but he must have some other income." Umiling-ililing ang kaharap. "You are *not* going to get him out of there. It's time he learned his lesson."

"Ano'ng nangyari?" kaagad niyang tanong nang matapos ito sa pakikipag-usap.

"Naaksidente si Travis nang dahil sa pagkakarera."

"And?"

"He's fine," naiiling nitong saad. "Gusto ni Leandro na pumunta doon at siguruhing maayos ang anak niya. Sinabi niyang wala itong pambayad sa ospital. He lost the race and didn't have any money."

Naabot ni Natasha ang bag nang wala sa oras. "We should go then."

"No," mabilis na tanggi ng matanda. "Let him learn his lesson."

She should just agree. Huwag na siyang makialam. Pero may kung saang parte ng kanyang pagkatao ang nagpupumilit na gumawa ng paraan para makita ang lalaki upang masigurong ayos lang ito. She must have made him so upset earlier because of the things she said. She'd hurt his ego and she

If This Isn't Love - Jade Anne Franco

knew it. At saan pa ba nito ibubunton ang galit kundi sa tanging paraan na alam nito, sa pagbabasag-ulo o kung di ay sa karera.

Inalis niya ang bara sa lalamunan. “I... I think it's the perfect time for us...”

Kunot-noong umangat ang paningin ni Zach sa kanya. “What do you mean?”

Muli siyang tumikhim. “Well, wala siyang pera ngayon, hindi siya makakaalis sa ospital. At kahit makalabas siya, I'm sure he'd be injured. Hindi niya maipagpapatuloy ang paghahanap ng trabaho. He'd sold almost everything he owned. Sa ngayon ay tanging mga sasakyang lang ang meron siya. This is the perfect time to bargain everything back in his life kapag pumayag siyang magtrabaho sa 'yo. He'd be so down right now, I'm sure he's desperate....”

Parang may kumislapsa sa mga mata ni Zach bago ngumisi. “I'll just have my driver drive me home and you can go check on Travis.”

“Wait, you're not coming?”

Makahulugan itong ngumiti. “I'm sure you can handle this.”